# BIBLE

## STUDY



**2 Cronica 27:1-9**

November 26-December 03

The COMPLETE OBEDIENCE of the Followers of JESUS

Pagtuklas Pag-Unawa Pagtugon

# Mahalagang Prinsipyo sa Buhay



Pagtuklas



Pag-Unawa



Pagtugon

# 2 Cronica 27:1-9

Magandang Balita Biblia

## Si Haring Jotam ng Juda

Si Jotam ay dalawampu't limang taóng gulang nang
maging hari at labing-anim na taon siyang naghari sa
Jerusalem. Ang kanyang ina ay si Jerusa na anak ni
Zadok. 2 Tulad ng kanyang amang si Uzias, ang mga
ginawa niya'y naging kalugud-lugod sa paningin ni
Yahweh ngunit hindi niya ito tinularan sa pagpasok sa
Templo upang magsunog ng insenso roon. Sa kabila
nito, nagpatuloy pa rin sa pagkakasala ang
sambayanan.

# 2 Cronica 27:1-9

Magandang Balita Biblia

3 Ipinagawa ni Jotam ang Hilagang Pintuan ng Templo
at pinatibay ang pader ng Jerusalem sa gawing Ofel. 4
Nagtayo siya ng mga lunsod sa kaburulan ng Juda.
Gumawa rin siya ng mga kuta at bantayan sa
kakahuyan. 5 Nakipaglaban siya at nagtagumpay sa hari
ng mga Ammonita. Nang taóng iyon ay nagbayad sa
kanya ang mga Ammonita ng 3,500 kilong pilak, trigo
na nakalagay sa 10,000 malalaking sisidlan[a] at sebada
na nakalagay sa 10,000 malalaking sisidlan. Gayundin
ang ibinayad sa kanya nang ikalawa at ikatlong taon.

# 2 Cronica 27:1-9

Magandang Balita Biblia

6 Dahil sa kanyang pananatiling tapat sa Diyos niyang si
Yahweh, lumaki ang kapangyarihan ni Jotam. 7 Ang ibang
mga ginawa ni Jotam sa panahon ng kanyang paghahari,
pati ang lahat niyang pakikipaglaban at ginawa sa
panahon ng kapayapaan ay nakasulat sa Kasaysayan ng
mga Hari ng Israel at Juda. 8 Dalawampu't limang taóng
gulang siya nang maging hari at labing-anim na taon
siyang naghari sa Jerusalem. 9 Namatay siya at inilibing sa
Lunsod ni David. Ang anak niyang si Ahaz ang humalili sa
kanya bilang hari.

"Ako ay magiging matatag sa aking paglakad kasama ang Panginoon at magtitiwala sa Kanya na pagpapalain ang gawain ng aking mga kamay."

Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

Ilang taon si Jotam nang siya ay naging hari, at gaano katagal ang kaniyang paghahari? (v.1)

Pagtuklas 1

1 Juan 2:3-6

Ayon sa talata, bakit naging makapangyarihan si Jotham? (v.6)

Pagtuklas 2

1 Juan 2:3-6

Ano ang ilan sa mga nagawa ni Haring Jotam?

Pagtuklas 3

1 Juan 2:3-6

# Hindi tulad ni Haring Uzziah, bakit hindi pumasok si Haring Jotham sa templo ng PANGINOON (v.2)?

Pag-Unawa 1

1 Juan 2:3-6

Sa verse 6, binanggit na si Jotham ay naging makapangyarihan dahil siya ay lumakad nang matatag sa harap ng Panginoon niyang Diyos. Paano ito ipinakita ni Jotam sa kaniyang paghahari, at paano siya pinagpala at ginantimpalaan ng Diyos bilang kapalit?

Pag-Unawa 2

1 Juan 2:3-6

# Ano ang ibig sabihin ng lumakad nang matatag kasama ng Panginoon?


Pag-Unawa 3

1 Juan 2:3-6

Paano ka mabibigyang-inspirasyon ng buhay ni Jotham na patnubayan ang iyong pamilya, mga disipulo (at iba pang pananagutan mo) tungo sa katuwiran at paggalang sa mga banal na prinsipyo.

Pagtugon 1

1 Juan 2:3-6


Ano ang isang pagbabago na maaari mong gawin sa iyong mga plano para sa malapit na hinaharap upang ipakita ang iyong pangako sa Diyos?
Pagtugon
2
1 Juan 2:3-6

Magbahagi ng isang pagkakataon kung kailan pinagpala ng Panginoon ang iyong pagsunod sa Kanya. Anong mga aral ang natutunan mo sa karanasang iyon?

Pagtugon 3

1 Juan 2:3-6

"Ako ay magiging matatag sa aking paglakad kasama ang Panginoon at magtitiwala sa Kanya na pagpapalain ang gawain ng aking mga kamay."

Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

# Mahalagang
# Prinsipyo sa Buhay



Pagtuklas



Pag-Unawa



Pagtugon

# Closing Prayer

# BIBLE
## STUDY



**2 Cronica 27:1-9**

See You Next Week

Pagtuklas Pag-Unawa Pagtugon

The COMPLETE OBEDIENCE of the Followers of JESUS

# KBCF

#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines

Worship Service Schedule: 9am

Livestream: Facebook and YouTube

kbcf.org.ph KBCFofficial KBCFamily kbcf.office@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584